# 1

"Gabring, may naghatid sa inyo ng imbitasyon. Naroon sa ibabaw ng telebisyon."

Napasimangot si Ella nang marinig ang palayaw na hindi niya masyadong kursunada. "Lola, nakalimutan n'yo na naman, Ella ang pangalan ko. *Ella*," diin niya habang nagmamano.

"Huwag mo nga akong turuan. Kinuha ko ang pangalan mo sa pangalan ng nanay ko. Ano'ng masama kung tawagin din kitang Gabring tulad niya?"

"Wala po." Pinaikot niya ang mga mata. Kinuha niya ang dalawang sobre. Ang isa ay nakapangalan sa kanya, ang isa ay sa pinsan niyang si Laida. "Sino'ng naghatid, 'La, courier?"

Imbitasyon iyon para sa nalalapit na grand reunion ng batch nila noong high school. Ten years na silang hindi naninirahan sa San Vicente at bibihirang pagkakataon na lang kung sila ay mauwi roon.

Kapwa nasa abroad ang mga magulang ni Ella. Naiwan siya sa pangangalaga ng tiyahin, ang ina ni Laida. Kaya nang magpasyang sa Maynila manirahan ang buong pamilya ay kasama rin siya. Ang bahay nila sa probinsya ay pinababantayan na lang sa isang kamag-anak.

"Hindi. Apo ni Husting. Babalik daw bukas para makausap ka nang personal."

Tatlong apo ng nabanggit na matanda ang ka-batch niya. *Sino kaya kina Justin, Gavin at Marcelito?* "Ano po'ng hitsura, Lola?"

"May hitsura! Guwapo," sagot ng matanda.

*Ah, cross out na si Marcelito.*

"Matangkad, mabulto ang pangangatawan… 'yun lang ang natatandaan ko. Kilala mo na?" patuloy nito.

"Okay na po, Lola. Thanks." Parehong mga katangian iyon ng dalawa pa.

"Nag-iwan ng numero ng telepono. Ibinigay ko na rin ang numero mo." Sumunod ito sa pagpanhik niya sa hagdan.

Di bale nang hindi alam ni Ella kung sino ang naghatid. Wala rin naman siyang balak dumalo. Isa pa, um-attend siya noong grand reunion five years ago—at hindi naging maganda sa kanya ang alaala ng nasabing pagtitipon.

Sa tuwing bumabalik sa kanya ang nangyari ay gusto niyang batukan ang sarili. Iyon na yata ang pinaka-estupidang bagay na nagawa niya sa buhay.

Akitin ba naman niyang *mag-ano* si Gavin! Tinapik niya ng palad ang sariling noo. *Hindi ako a-attend. No, no, no!*

“Masakit ba ang ulo mo?”

“Hindi po. May bigla lang akong naalala.” Nilingon niya ang abuela at hinintay itong makaagapay sa kanya para maalalayan niya sa pagpanhik.

“Siyanga pala, sinabi kong buong araw kang narito bukas dahil araw ng pahinga mo sa restawran… Oy, Gavin nga pala ang ’alan noong nagpunta dito kanina.”

“Ano’ng s’abi ninyo, Lola?” Napatigil sa paghakbang si Ella.

“Gavin ’ka ko. *Bingi*.”

*Patay ang naglason!* Nagpaka-proactive na nga ang abuela sa pagbibigay ng contact number niya, sinabi pang free siya bukas. Paano pa siya makakaiwas? Sana naman hindi nito sinabing sa susunod na linggo ay bakante rin siya.

Sasabihin na lang niyang sa Baguio o sa Boracay gustong pumasyal ni Laida para may alibi siya na hindi dumalo sa reunion.

*Kahit hanggang sa Tawi-Tawi sasamahan kita, Cousin, huwag lang sa San Vicente, okay?*

Nakapangako na siya sa tiyahin at sa abuela na lilibangin niya ang pinsan na depressed sa kasalukuyan dahil hindi natuloy ang kasal nito sa pinakamamahal na kasintahan.

Sumumpong ang sakit nito pagkatapos umurong sa kasal ng nobyo. Natuklasan kasi ng lalaki na hindi na virgin ang nobya,

ang babaw na dahilan.

"Gabring," untag ng abuela habang patuloy sila sa pagpanhik.

"Ella po."

"Siya sige, Gabriella na nga lang," kunsumidong ayon ng matanda. "Kung alam ko lang na magiging mahina ang loob ni Laida, sa kanya ko sana ibinigay ang pangalan ng nanay ko."

Maraming kamag-anak ang nagsasabing nakuha raw niya ang personalidad ng kanyang namesake—matapang at malakas ang loob. Medyo boyish nga siya noong elementary. Pero nang magkaroon na ng crush ay natuto na siyang ma-conscious at medyo naging pino ang kilos—give credit to Gavin.

Maraming panlalaking gawain ang kaya ni Ella. At kung ang ibang bata at kababaihan ay takot sa multo, kulog at kidlat, crawling creatures at kung anu-ano pa, siya ay hindi. Pinangingilagan siya ng mga kaklaseng lalaki dahil hindi siya kayang sindakin ng mga pambu-bully ng mga ito.

Isang lalaki lang ang hindi impressed sa kanya: si Gavin. At alam din nito kung saan siya takot.

"Mabuti kung sa San Vicente kayo makapagbakasyon para makadalaw tuloy kayo sa mga kamag-anakan natin doon."

"Lola, sa Baguio raw gusto ni Laida," palusot niya.

"Nagbago na siguro ang isip. Kanina lang sinabi na ng

pinsan mo na dadalo siya kung kasama ka. Iyon ang sinabi niya kay… kay…”

“Gavin po,” dugsong niya. Sa isip ay gustong batukan ni Ella ang pinsan. Ang alam niya ay ayaw na nitong tumapak sa San Vicente. *Argh!* Siyempre, si Gavin ba naman ang kausap kanina. Kaya siguro biglang napapayag. *Hay naku, ewan ko sa ’yo, Laida!*

“Tama, Gavin ang ’alan. Ngayon ko lang nakitang ngumiti muli ang pinsan mo sapul noong magkaproblema silang magnobyo. Sana tuluy-tuloy na. Samahan mo, ha?”

“Eh, may trabaho po ako. Baka hindi ako payagan.” *Sana makalusot.*

“Gamitin mo nga ito, Gabriella.” Itinuro ng matanda ang sentido niya. “Sino’ng namamahala sa restawran?” Co-manager siya roon. Magkasosyo ang parents niya at ang tiyahin. “Aba’y nasisiraan ka na yata ng bait at kailangan mong magpaalam sa sarili mo. *Bagtit*.”

Nasabihan tuloy siyang *baliw*. May magagawa pa ba siya gayong ipinakiusap na ng abuela ang paborito nitong apo? Hanggang kailan ba siya magiging alalay ng soft-hearted na pinsan?

Kung minsan, parang ibig na niyang managhili kay Laida dahil bukod sa paboritong anak at apo ay…

Ang totoo, muntik pang mag-away ang magpinsang Justin

at Gavin dahil kay Laida.

Maraming nagsasabing bagay sina Gavin at Laida subalit panira ng love team si Justin na siyang masugid na manliligaw ng muse ng klase. Sa puntong iyon ay hindi siya sigurado kung matutuwa o maiinis kay Justin.

---

"Suspendido ka na naman?" nagpupuyos sa galit na sita ng tiyuhin ni Gavin. "Anong kabalbalan na naman ba ang ginawa mo?"

Kahit kumikirot ang sugat ni Gavin sa gawing balikat mula sa tama ng kalibre .45, pinilit niyang umayos sa pagkakaupo. May isa pa siyang tama sa braso.

"Inosente ako, Tito Rex. Nadamay lang," katuwiran niya. Kung may kinalaman siya sa sabotaheng naganap, ihaharang pa ba niya ang sariling katawan sa balang para sana sa binabantayan nila?

Noong i-transport nila ang witness mula sa safe house patungo sa Regional Trial Court ay may armadong grupong humarang sa kanila at walang habas na nagpaputok.

"Iyan naman ang palagi mong sinasabi sa tuwing masusunpindi ka. Wala kang kasalanan, napagbintangan, nadamay… Sawang-sawa na akong mag-ayos sa mga kaso mo, Gavin." Kinuha nito ang cellphone sa bulsa at may tinawagan.

Nanghihingi ito ng kopya ng report tungkol sa suspension niya.

Katulad ng namayapa niyang ama at abuelo ay imbestigador din sa *National Bureau of Investigation* ang tiyuhin. Sa mahigit dalawampung taon nitong paninilbihan doon ay nagkaroon na ito ng maraming kaibigan at koneksyon sa matataas na opisyal.

"Kung alam ko lang na dudungisan mo ang pangalan ng lolo at ama mo, noon pa sana'y hindi na kita tinulungan. Ayokong maniwala sa sabi-sabi pero iyon ang itinuturo ng mga ebidensya. Alam mong sa trabaho natin, d'un tayo dumedepende. No evidence, no case. Sa kasamaang palad, may ebidensya laban sa inyo."

*Bakit ba hindi ko pa itinuloy ang balak kong resignation noon habang malinis pa ang pangalan ko?*

Noong nakaraang taon pa binabalak ni Gavin ang pagbibitiw sa tungkulin. Nararamdaman niyang hindi na siya masaya sa kanyang trabaho. Isa pa, napagbigyan na niya ang hiling ng ama na pasukin ang propesyong pinili nito. Siguro naman ay panahon na para ang sarili niya ang sundin.

"Tito, anim kami sa team bukod pa sa mga police escort. Mahirap hulaan kung sino sa amin ang nag-Hudas. Pero tinitiyak ko sa inyo na hindi ako 'yon."

"At paano mo iyon patutunayan?"

"Huwag kang mag-alala, Tito. Paglabas ko dito sa ospital,

haharapin ko't lilinisin ang pangalan ko."

"Magpalamig ka muna sa San Vicente, Gavin. May report na natanggap ang ahensya na itutumba lahat ng kasama sa insidenteng iyan."

Pagkaalis ng tiyuhin ay may numero siyang pinatawagan sa pinsang nagbabantay sa kanya para sabihing hindi siya makakarating ngayong araw.

*Sayang*. Buong akala pa naman niya ay magkakaharap na muli sila ni Ella.

Hindi niya tiyak kung galit sa kanya ang dalaga o hindi. Naputol na kasi ang komunikasyon niya rito limang taon na ang nakaraan.

Napangiti siya nang maalala ang magandang mukha ni Ella. Kaklase niya ito mula elementary hanggang high school. Ang akala ni Gavin ay magbibinata ito at hindi magdadalaga.

Paano kasi, masyado itong adventurous at mas madalas kasama ang mga kaibigang lalaki kaysa sa mga babae. Malayo sa pinsan nitong si Laida na kinabaliwan ng pinsan niyang si Justin at ng iba pa nilang mga kaklase.

Mahinhin si Laida. Si Ella, may pagka-haragan, thrill-seeker. Pero feminine pa rin ito sa sariling paraan. May poise, 'ika nga. At iyong tipong kapita-pitagan. Hindi bastusin.

Noong mag-organize ng grand reunion si Justin at

pakiusapan siya nitong maghatid ng imbitasyon sa mga kaklaseng nagtatrabaho sa Kamaynilaan, agad siyang pumayag. Bukod sa kabisado ni Gavin ang lugar, gusto rin niyang personal na malaman kung saan nakatira si Ella.

Ang balak niya ay yayaing sumabay na sa kanya pauwi sa San Vicente ang magpinsang Ella at Laida.

Paano pa siya makakapagmaneho ngayon?

*Ako na lang ang sasabay sa kanila sa pagko-commute. Sana naman hindi galit sa akin ang descendant ni Gabriela Silang.*

---

Nag-alala si Ella nang mabalitaang nabaril si Gavin. Sa kabilang banda, para siyang nabunutan ng tinik sa dibdib. At least, hindi niya ito makikitang pahara-hara sa araw ng reunion.

Excited na sumakay siya sa nakaparadang DeLuxe *Leopardo Bus* kasama ang pinsan na panay ang linga sa paligid ng bus terminal.

Siguradong naghahanap si Laida ng kakilala. Maliit na bayan lang ang San Vicente at halos imposibleng wala kang makilala sa mga kapwa pasahero.

“Laida, dito tayo pumuwesto sa unahan.” Agad niyang ipinatong ang malaking back pack sa upuan sa likuran mismo ng driver. Pasensya na kung may Senior Citizen, pero mahiluhin kasi siya sa biyahe.

“Ang layo naman sa CR,” reklamo ng babae, sabay tanaw sa rest room sa gawing hulihan ng bus.

“Minu-minuto ka bang iihi? Maupo ka na.” Inabutan niya itong anti-vertigo tablet, pero tumanggi.

Ikamamatay niya ang walong oras na biyahe mula Maynila hanggang San Vicente kapag hindi nag-take ng dalawang tabletas niyon. Inihanda na ni Ella ang earphones at pinatugtog ang paboritong playlist.

“Ella, di ba si Edong ’yon?”

“Oo nga, ano?” Sinutsutan niya ang lalaking nakauniporme ng pang-konduktor ng bus. “Edong!”

Tuwang-tuwa naman ang dating kaklase nang makilala silang magpinsan.

“Kumusta?” tanong ni Ella.

“Mabuti. Dadalo kayo tiyak sa reunion kaya kayo uuwi sa atin.”

“Oo,” ani Laida. “Ang kulit kasi ni Gavin. Ikaw, a-attend ka rin?”

*Hindi nangulit si Gavin, Laida. Pero mabuti na ring na-excite ka sa event. At least, hindi ka na tulala. Nagiging bayolente ka pa naman kapag nade-depress.*

“Ayoko.” Napasimangot ang lalaki. “Balita ko si Justin ang

nagpanukala ng reunion na ito. Siguradong hindi maiiwasang magkabangga kami kapag dumalo ako."

"Hanggang ngayon ba naman magkaaway pa rin kayo?"

"Hindi na kami magkakasundo habambuhay," malungkot na pahayag nito.

Biktima ng hazing ang kapatid na babae ni Edong na sumali sa sorority at isa si Justin sa mga frat members na 'gumulpi' rito.

"Siyanga nga pala, nandoon sina Lorena at Mayette," pag-iiba nito sa usapan. Itinuro nito ang refreshment area ng bus terminal.

Hindi na siya sumama kay Laida. Balak niyang umpisahang matulog bago pa man maramdaman ang pagkahilo. Isinuot na niya ang sun glasses at isinuksok sa tainga ang earphones.

Hindi ganito ka-excited umuwi sa probinsya si Ella noong nakaraan nilang grand reunion. Paano kasi ay broken-hearted siya noon at ang pagdalo niya ay hindi para makisaya kundi para makalimot sa masakit na katotohanan. Hiniwalayan siya ng long time boyfriend na si Rupert.

Napakababaw ng dahilan. He wanted sex, pero hindi niya pinagbigyan. Pagkatapos, ilang araw lang ay nabalitaan niyang may bago na itong girlfriend at ipinangalandakan pa sa *Facebook*. Kaya hayun, umisip din siya ng paraan kung paano makakaganti sa damuhong talipandas.

Ang kaso, hindi pulido ang plano niya.

*Na sinabotahe ni Gavin!*

Ang simple sana, kailangan lang niya ng tangible proof na magsasabing hindi siya loser—isang litrato na may kasama siyang lalaki sa isang napaka-intimate na moment, puwede na…